TALÓS: Saliksik sa Wika, Kalinangan, at Likas-Kayang Pag-unlad
(TALÓS: Philippine Journal of Language, Culture, and Sustainable Development)
ISSN : 3155-7309 | Vol. 1, No. 2, 2026 | DOI: https://doi.org/10.65339/talos.V1.I2.8

Mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino ng mga Guro sa Kanlurang Purok ng Lopez: Batayan sa Pagpapahusay ng Praktis Pedagohikal

Mary Ann E. Eviza
Teacher III, Lopez National Comprehensive High School, Lopez West District, Lopez, Quezon, Philippines

Abstrak: Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino ng mga guro sa Kanlurang Purok ng Lopez bilang batayan sa pagpapahusay ng praktis pedagohikal. Partikular na tinukoy ang dalas ng paggamit ng mga estratehiya, ang kanilang kahalagahan sa pagkatuto, motibasyon, ugnayan ng guro at mag-aaral, at kritikal na pag-iisip, gayundin ang kaugnayan ng mga nasabing baryabol. Ginamit ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik na may korelasyonal na pagsusuri. Tatlumpung guro sa Filipino na may hindi bababa sa limang taong karanasan sa pagtuturo ang napili sa pamamagitan ng purposive sampling. Gumamit ng sariling binuong talatanungan na may apat na antas ng Likert scale. Sinuri ang mga datos gamit ang weighted average mean at Pearson correlation coefficient. Ipinakita ng resulta na napakadalas gamitin ng mga guro ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo (3.66), partikular ang integrasyon ng ICT at pag-uugnay ng mga aralin sa ibang asignatura (3.80). Natukoy din ang mataas na pagpapahalaga sa mga estratehiya kaugnay ng pagkatuto (3.85), motibasyon (3.81), ugnayan ng guro at mag-aaral (3.75), at kritikal na pag-iisip (3.74). Natuklasan ang makabuluhang kaugnayan ng dalas ng paggamit ng mga estratehiya sa apat na dimensyon, na may p-value na .001, .003, .023, at .050. Batay sa mga natuklasan, iminungkahi ang Proyektong ReAPP, isang seminar-worksyap na nakatuon sa pagrerebyu at aplikasyon ng mga angkop na estratehiya sa pagtuturo. Inirerekomenda ang patuloy na propesyonal na pag-unlad at suportang pedagohikal upang higit na mapahusay ang kalidad ng pagtuturo ng Filipino sa mga paaralan.

Mga Susing Salita: Estratehiya sa Pagtuturo, Filipino, Praktis Pedagohikal, Pagkatuto ng Mag-aaral, Proyektong ReAPP

INTRODUKSIYON

Ang edukasyon ay may mahalagang papel sa paglinang ng kaalaman, kasanayan, at kakayahan ng mga mag-aaral upang maging handa sa mga hamon ng makabagong lipunan. Sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto, mahalaga ang paggamit ng angkop at makabuluhang estratehiya upang matugunan ang magkakaibang pangangailangan, interes, at kakayahan ng mga mag-aaral. Partikular sa asignaturang Filipino, ang mga estratehiya sa pagtuturo ay nagsisilbing mahalagang kasangkapan sa pagpapaunlad ng kasanayang pangwika, kritikal na pag-iisip, aktibong pakikilahok, at makabuluhang pagkatuto. Dahil dito, kinakailangang patuloy na suriin at paghusayin ng mga guro ang kanilang praktis pedagohikal upang matiyak ang kalidad at pagiging epektibo ng pagtuturo.

Sa konteksto ng sistema ng edukasyon sa Pilipinas, binibigyang-diin ng Republic Act No. 10533 o Enhanced Basic Education Act of 2013 ang paggamit ng mga angkop na dulog pedagohikal na nakasentro sa mag-aaral at tumutugon sa kanilang pangangailangan. Kaugnay nito, itinataguyod ng Philippine Professional Standards for Teachers (PPST), sa ilalim ng DepEd Order No. 42, s. 2017, ang patuloy na pagpapaunlad ng kaalaman at kasanayan ng mga guro sa paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo. Ang mga pamantayang ito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng propesyonal na pag-unlad at pagpili ng mga pamamaraang naaayon sa mga layunin ng pagkatuto.

Ipinakita sa mga kaugnay na pag-aaral ang kahalagahan ng angkop na estratehiya sa pagpapahusay ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ayon kina San Jose et al. (2017), mahalagang isaalang-alang ang mga pangangailangan at katangian ng mga mag-aaral sa pagpili ng mga dulog sa pagtuturo, partikular sa mga mag-aaral na nangangailangan ng espesyal na suporta. Samantala, binigyang-diin ni Roallos (2022) ang paggamit ng mga dulog pedagohikal bilang mahalagang bahagi ng pagpapatupad ng mga pamantayang propesyonal para sa mga guro. Kaugnay nito, tinalakay nina Killen at O'Toole (2023) ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo na maaaring gamitin upang maging mas makabuluhan at organisado ang mga gawaing pampagkatuto.

Sa pagtuturo ng Filipino, mahalagang isaalang-alang ang integrasyon ng Information and Communication Technology (ICT), kolaboratibong pagkatuto, integratibong dulog, at pag-uugnay ng mga aralin sa iba pang asignatura. Ang mga estratehiyang ito ay maaaring makatulong sa pagpapalawak ng partisipasyon ng mga mag-aaral at paglikha ng mga gawaing naaayon sa kanilang interes at kakayahan. Tinalakay ni Acebes (2024) ang mga estratehiyang ginagamit ng mga piling guro sa Filipino sa Senior High School, samantalang sinuri nina Bernaldez at Buisan (2025) ang kakayahan at estratehiya sa pagtuturo ng Filipino kaugnay ng pagkatuto ng panitikang Filipino. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ito ang patuloy na pangangailangang pagtuunan ng pansin ang praktis pedagohikal ng mga guro sa asignaturang Filipino.

Sa lokal na konteksto, nananatiling mahalagang usapin ang pagkakaiba-iba ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino. Batay sa datos ng unang markahan sa Lopez National Comprehensive High School, mula sa 37 pangkat sa Senior High School, na binubuo ng 24 na pangkat sa Baitang 11 at 13 sa Baitang 12, dalawang pangkat ang nakapagtala ng Mean Percentage Score (MPS) na mas mababa sa 50%, pitong pangkat ang nasa 50%, labinlimang pangkat ang nasa 60%, at labintatlong pangkat ang nakakuha ng 70% hanggang 95%. Ipinapakita ng mga datos na ito ang pagkakaiba-iba ng antas ng

pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino at ang pangangailangang patuloy na suriin ang mga estratehiyang ginagamit sa pagtuturo. Bagama't hindi direktang nangangahulugan na ang pagkakaibang ito ay dulot ng mga estratehiya ng mga guro, nagsisilbi itong mahalagang batayan upang higit na mapag-aralan ang kanilang praktis pedagohikal.

Sa kabila ng mga umiiral na pag-aaral tungkol sa mga estratehiya sa pagtuturo, mahalagang magkaroon ng pananaliksik na nakatuon sa dalas ng paggamit ng mga estratehiya at sa kanilang nakikitang kahalagahan sa iba't ibang dimensyon ng pagkatuto. Kabilang dito ang pagkatuto ng mga mag-aaral, pagpapataas ng motibasyon, ugnayan ng guro at mag-aaral, at paglinang ng kritikal na pag-iisip. Mahalaga ring matukoy kung may makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtataya ng mga guro sa kahalagahan ng mga ito. Sa pamamagitan nito, maaaring makabuo ng mga rekomendasyong nakabatay sa empirikal na datos para sa patuloy na pagpapahusay ng pagtuturo.

Dahil dito, isinagawa ang pag-aaral na pinamagatang "Mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino ng mga Guro sa Kanlurang Purok ng Lopez: Batayan sa Pagpapahusay ng Praktis Pedagohikal." Nilalayon nitong matukoy ang dalas ng paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino, masuri ang kanilang kahalagahan batay sa apat na dimensyon, at matukoy ang makabuluhang kaugnayan ng mga nasabing baryabol. Nakatuon ang pananaliksik sa mga guro sa Filipino sa mga sekundaryang paaralan ng Kanlurang Purok ng Lopez na may hindi bababa sa limang taong karanasan sa pagtuturo.

Bilang praktikal na ambag ng pananaliksik, nagsilbing batayan ang mga natuklasan sa pagmumungkahi ng Proyektong ReAPP (Rebyu at Aplikasyon ng mga Pedagohikal na Praktis sa Pagtuturo), isang seminar-worksyap na naglalayong palawakin ang kaalaman at mapahusay ang paggamit ng mga angkop na estratehiya sa pagtuturo. Inaasahang makatutulong ang pag-aaral sa mga guro, tagapangasiwa ng paaralan, at iba pang stakeholder sa pagpaplano ng mga gawaing pangkaunlarang propesyonal, pagpapalakas ng suportang pedagohikal, at patuloy na pagpapahusay ng kalidad ng pagtuturo ng Filipino.

METODOLOHIYA

Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik na may korelasyonal na pagsusuri upang matukoy ang dalas ng paggamit at kahalagahan ng mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino. Ang mga respondente ay binubuo ng 30 guro sa Filipino mula sa mga sekundaryang paaralan sa Kanlurang Purok ng Lopez na may hindi bababa sa limang taong karanasan sa pagtuturo, na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Gumamit ng sariling binuong talatanungan na may apat na antas ng Likert scale at sumailalim sa balidasyon. Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng personal na pamamahagi at Google Forms. Ginamit ang Weighted Average Mean (WAM) upang masuri ang dalas ng paggamit at kahalagahan ng mga estratehiya, samantalang ang Pearson r ay ginamit upang matukoy ang makabuluhang kaugnayan ng mga baryabol. Ang mga resulta ay nagsilbing batayan sa pagmumungkahi ng Proyektong ReAPP para sa pagpapahusay ng praktis pedagohikal.

RESULTA AT TALAKAYAN

A. Dalas ng Paggamit ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino

Ipinakita ng resulta na napakadalas gamitin ng mga guro ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino, na may kabuuang Weighted Average Mean (WAM) na 3.66. Kabilang sa pinakamadalas gamitin ang integrasyon ng Information and Communication Technology (ICT) at pag-uugnay ng aralin sa ibang asignatura, na parehong nakapagtala ng WAM na 3.80, sinundan ng pangkatang gawain o collaborative approach (3.77) at integrative approach (3.73). Ipinahihiwatig nito na ang mga guro ay gumagamit ng iba't ibang pamamaraang pedagohikal upang maging mas interaktibo at makabuluhan ang pagtuturo ng Filipino.

B. Kahalagahan ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino

Natukoy na lubos na sumasang-ayon ang mga guro sa kahalagahan ng mga estratehiya sa pagtuturo batay sa apat na dimensyon: pagkatuto ng mga mag-aaral (3.85), pagpapataas ng motibasyon (3.81), ugnayan ng guro at mag-aaral (3.75), at paglinang ng kritikal na pag-iisip (3.74). Pinakamataas ang pagtataya sa pagkatuto ng mga mag-aaral, na nagpapahiwatig na kinikilala ng mga guro ang mahalagang papel ng mga estratehiya sa pagpapahusay ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ipinapakita rin nito ang kahalagahan ng pagpili ng mga pamamaraang tumutugon sa pangangailangan at interes ng mga mag-aaral.

C. Makabuluhang Kaugnayan ng Dalas ng Paggamit at Kahalagahan ng mga Estratehiya sa Pagtuturo

Batay sa pagsusuring estadistikal gamit ang Pearson r, natukoy ang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng dalas ng paggamit ng mga estratehiya at ng kanilang kahalagahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral ($p = .001$), pagpapataas ng motibasyon ($p = .003$), ugnayan ng guro at mag-aaral ($p = .023$), at paglinang ng kritikal na pag-iisip ($p = .050$). Ipinahihiwatig ng mga resulta na may estadistikal na kaugnayan ang paggamit ng mga estratehiya sa pagtataya ng mga guro sa kanilang kahalagahan. Gayunpaman, hindi nangangahulugan ang kaugnayang ito ng direktang sanhi at bunga.

D. Mungkahing Programa sa Pagpapahusay ng Praktis Pedagohikal

Batay sa mga natuklasan, iminungkahi ang Proyektong ReAPP (Rebyu at Aplikasyon ng mga Pedagohikal na Praktis sa Pagtuturo) bilang isang seminar-worksyap na naglalayong mapahusay ang kakayahan ng mga guro sa paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino. Nakatuon ang programa sa pagrerebyu, pagpapalitan ng mga epektibong praktis, at aplikasyon ng mga angkop na pamamaraang pedagohikal. Inaasahang magsisilbi itong suporta sa patuloy na propesyonal na pag-unlad ng mga guro at pagpapahusay ng kalidad ng pagtuturo.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

A. Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan, napag-alaman na napakadalas gamitin ng mga guro sa Filipino sa Kanlurang Purok ng Lopez ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo, partikular ang integrasyon ng ICT, pag-uugnay ng mga aralin sa ibang asignatura, at kolaboratibong pagkatuto. Lubos ding kinikilala ng mga guro ang kahalagahan ng mga estratehiyang ito sa pagkatuto ng mga mag-aaral, pagpapataas ng motibasyon, pagpapatibay ng ugnayan ng guro at mag-aaral, at paglinang ng kritikal na pag-iisip. Natukoy rin ang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng dalas ng paggamit at ng nakikitang kahalagahan ng mga estratehiya. Ipinahihiwatig ng mga resulta ang pangangailangang ipagpatuloy ang paggamit at pagpapahusay ng mga angkop na pamamaraang pedagohikal upang masuportahan ang kalidad ng pagtuturo ng Filipino.

B. Rekomendasyon

Inirerekomenda ang patuloy na paggamit at pagpapaunlad ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino, partikular ang integrasyon ng teknolohiya, kolaboratibong pagkatuto, at integratibong dulog. Iminumungkahi rin ang pagpapatupad at pagpapatuloy ng Proyektong ReAPP (Rebyu at Aplikasyon ng mga Pedagohikal na Praktis sa Pagtuturo) sa pamamagitan ng mga seminar-worksyap upang mapalawak ang kaalaman at kasanayang pedagohikal ng mga guro. Bukod dito, mahalagang palakasin ang Continuing Professional Development (CPD), suportang pang-instruksiyon, at regular na pagsusuri ng mga praktis sa pagtuturo upang matiyak ang patuloy na pagpapahusay ng kalidad ng edukasyon sa asignaturang Filipino.

SANGGUNIANG BANGGIT

Acebes, L. C. (2024). Estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ng mga piling guro sa Senior High School sa panuruang taon 2022–2023. Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research, 3(2). https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcpjmra/article/view/13486

Ahzari, S., & Akmam, A. (2025). Analyzing students critical thinking as a basis for developing interactive multimedia with generative learning and cognitive conflict strategies. arXiv. https://arxiv.org/abs/2510.21344

Bernaldez, N. N., & Buisan, G. B. (2025). Kakayahan at estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino bilang prediktor sa pagkatuto ng panitikang Filipino: Isang explanatory sequential mixed methods. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 11(10). https://doi.org/10.36713/epra2451

Bernardo, A., et al. (2020). Filipino senior high school teachers' continuing professional development attitudes: Exploring the roles of perceived demand amid a national education reform. https://doi.org/10.37134/jrpptte.vol10.2.5.2020

Centino, J., et al. (2024). Karanasan ng mga Gen Z na guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability and Excellence. https://risejournals.org/index.php/imjrise/article/view/724

Delizo, & Behhay. (2024). Mungkahing estratehiya sa paglinang ng kakayahang panglinggwistika ng mga mag-aaral: Bilang pantulong sa pagtuturo sa Filipino. International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies, 5.

Department of Education. (2017). National adoption and implementation of the Philippine Professional Standards for Teachers (DepEd Order No. 42, s. 2017). https://www.deped.gov.ph/2017/08/11/do-42-s-2017-national-adoption-and-implementation-of-the-philippine-professional-standards-for-teachers/

Di Lisio, G., et al. (2025). The longitudinal associations between teacher-student relationships and school outcomes in typical and vulnerable student populations: A systematic review. Social Psychology of Education, 28, Article 144.

Forosuelo, D. M. (2025). Mga hamon sa pagtuturo ng batayang literasi sa mga mag-aaral na Sama. International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies.

Galdonez, D. P. (2024). Sipat-siyasat sa karanasan at kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng rebyu ng mga kaugnay na literatura gamit ang repertory grid method. Puissant: A Multidisciplinary Journal, 5, 1285–1299.

Gumanoy, R., & Salazar, R. (2025). Differentiated learning activities: Effects on students motivation and involvement in teaching mathematics. https://doi.org/10.47772/IJRISS.2025.903SEDU0131

Humphreys, R. K., Puth, M. T., Neuhäuser, M., & Ruxton, G. D. (2019). Underestimation of Pearson's product moment correlation statistic. Oecologia, 189(1), 1–7.

Killen, R., & O'Toole, M. (2023). Effective teaching strategies (8th ed.). Cengage AU.

Mapa, K. K. D. (2019). Impluwensiya ng midya sa pag-aaral ng wika. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 7(1).

Peneda, F. P. (2023). Mga pananaw ng gurong nagsasanay tungkol sa collaborative learning. International Journal for Multidisciplinary Research. https://www.ijfmr.com

Rebusa, A., Refogio, L., & San Jose, A. (2022). Looking at the no child left behind policy: The implementers' perspectives. Sociology International Journal, 6, 251–254.

Revuelto, R. M. (2023). A practical handbook in inquiries, investigations, immersion. St. Augustine Publications, Inc.

Roallos, L. M. (2022). Utilization of pedagogical approaches in implementing Philippine Professional Standards for Teachers (PPST). IOER International Multidisciplinary Research Journal, 4(1), 64–73.

San Jose, A. E., Bahket, R., & Alsalhi, H. H. A. (2017). Teach us the way we want: Teaching approach for special needs students. European Journal of Special Education Research.

Teach Pinas. (2023). 5 pedagogical approaches in the K–12 curriculum. https://www.teachpinas.com/5-pedagogical-approaches-in-the-k-12-curriculum/

Zimba, O. (2023). Designing, conducting and reporting survey studies: A primer for researchers. https://doi.org/10.3346/jkms.2023.38.e403

.